1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kwarter 2

Linggo 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Makabansa 1:**
**Kwarter 2: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Anagara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo sa Pagsusulat**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Nanelyn Bontoyan |
| **Content Editor:** | Cherry Gil J. Mendoza |
| **Mechanical Editor:** | Ellen Gelinsanga-Dela Cruz, Joyce Arce |
| **Illustrator:** | Marks D. Petran |
| **Layout Artist:** | Analyn T. Serrano |

**Management Team**


Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | 2 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito tulad ng two-parent, solo parent, extended family, at iba pa | | | |
| *D. Mga Layunin* | 1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa maikling kuwentong, "Ang Aming Pamilya"<br>2. Naibabahagi ang saloobin tungkol sa maikling kuwentong, "Ang Aming Pamilya" | 1. Nailalarawan ang two-parent families<br>2. Nakaguguhit ng halimbawa ng two-parent families | 1. Nailalarawan ang solo parent families<br>2. Nakaguguhit ng halimbawa ng solo parent family | 1. Nailalarawan ang extended families<br>2. Nakaguguhit ng halimbawa ng extended family |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pamilya Batay sa Bumubuo Nito** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Maikling Kuwento: *Ang Aming Pamilya.* Makukuha sa https://www.letsreadasia.org/read/9966787f-19fa-4438-9756-7a8f4fd204af?bookLang=4901808300359680 | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 | Modyul sa Araling Panlipunan, nakuha sa https://lrmds.deped.gov.ph/detail/22290 |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Iba pang Kagamitan* | Yeso at pisara<br>Mga larawan | Yeso at pisara<br>Mga larawan | Yeso at pisara<br>Mga larawan | Yeso at pisara<br>Mga larawan |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-Aral:<br><br>Sabihin: Noong nakaraang linggo ay tinalakay natin ang mga batayang impormasiyon tungkol sa inyong mga pamilya. Mayroon bang nais magbahagi muli ng isang maikling pagpapakilala tungkol sa kanyang pamilya? | Balik-aral:<br><br>Sabihin: Kahapon ay mayroon tayong binasang kuwento na pinamagatang, “Ang Aking Pamilya.” Balikan natin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sino-sino ang miyembro ng pamilya na binanggit sa kuwento?<br>2. Ano ang ginagawa ng pamilya?<br>3. Anong okasyon ang ipinagdiriwang ng pamilya?<br>4. Sino ang nagdiriwang ng kanyang kaarawan?<br>5. Bakit nagtutulungan ang buong pamilya? | Balik-aral:<br><br>Sabihin: Kahapon ay pinag-aralan natin ang two-parent family.<br><br>Sino-sino ang bumubuo sa two parent family? | Balik-aral:<br><br>Sabihin: Kahapon ay pinag-aralan natin ang solo-parent family.<br><br>Ano-ano nga ang bumubuo sa solo- parent family? |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ilahad ang mga layunin ng aralin: | Ilahad ang mga layunin ng aralin: | Ilahad ang mga layunin ng aralin: | Ilahad ang mga layunin ng aralin: |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa maikling kuwentong, "Ang Aming Pamilya"<br>2. Naibabahagi ang saloobin tungkol sa maikling kuwentong, "Ang Aming Pamilya" | 1. Nailalarawan ang two-parent families<br>2. Nakaguguhit ng halimbawa ng two-parent families | 1. Nailalarawan ang solo parent families<br>2. Nakaguguhit ng halimbawa ng solo parent family | 1. Nailalarawan ang extended families<br>2. Nakaguguhit ng halimbawa ng extended family |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | Isulat ang mga sumusunod sa pisara at ipabasa sa mga mag-aaral sa tulong ng guro:<br><br>Paghahanda para sa kaarawan<br>Pagtutulong-tulong | Isulat ang salitang *Two-Parent Family* sa pisara at ipabasa sa mga mag-aaral sa tulong ng guro. | Isulat ang pariralang *Solo Parent Family* sa pisara at ipabasa sa mga bata sa tulong ng guro. | Isulat ang pariralang *Extended Family* sa pisara at ipabasa sa mga bata sa tulong ng guro. |
| | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Gamitin ang mga susing-parirala sa isang pangungusap at hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo rin ng pangungusap gamit ang mga ito. | Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng salitang *two-parent family.*<br><br>*Ang two-parent family* ay pamilyang binubuo ng nanay, tatay, at anak.<br><br>Mayroong pamilya na pareho ang tatay at walang nanay, mayroon ding parehong nanay at walang tatay. | Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng *solo parent family.*<br><br>Ang *solo parent family* ay pamilyang binubuo ng nanay at mga anak o tatay at mga anak.<br><br>Mayroong pamilya na tatay lamang ang kasama at bumubuhay sa pamilya dahil wala ang nanay. Mayroon namang nanay lamang ang kasama at bumubuhay sa pamilya, wala ang tatay. | Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng *extended family.*<br><br>Ang extended family o pinalawak na pamilya ay isang pamilya na may kasamang ibang miyembro ng pamilya (katulad ng mga lolo, lola, tiyo, tiya, at mga pinsan) bukod sa nanay at tatay. Sila ay maaaring nakatira sa iisang bahay o malapit sa isa't isa. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Basahin sa mga mag-aaral ang maikling kuwentong "Ang Aming Pamilya" sa panulat ni Komer Rien Komer Cheh, makukuha sa https://www.letsreadasia.org/book/ang-aming-pamilya?bookLang=4901808300359680. | Magpakita sa mga mag-aaral ng mga halimbawa ng *two-parent families.*<br>- Pamilyang binubuo ng nanay, tatay at anak<br><br>- Pamilyang binubuo ng dalawang tatay at anak<br> | Magpakita sa mga mag-aaral ng mga halimbawa ng *solo parent family.*<br>- Pamilyang tatay lamang ang kasama at bumubuhay sa pamilya<br><br>- Pamilyang nanay lamang ang kasama at bumubuhay sa pamilya | Magpakita sa mga mag-aaral ng mga halimbawa ng *extended families.*<br><br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | - Pamilyang binubuo ng dalawang nanay at anak<br> |  | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:<br><br>1. Patungkol saan ang kuwentong ating binasa?<br>2. Bakit nagtutulungan ang mga tauhan?<br>3. Sino ang may kaarawan sa pamilya? | Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:<br><br>1. Ano ang pagkakatulad ng mga larawang ipinakita?<br>2. Maihahalintulad mo ba ang mga larawan sa iyong sariling pamilya? Bakit oo o hindi? | Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:<br><br>1. Paano mo ilalarawan ang solo-parent family?<br>2. Paano natin maipapakita ang pagmamahal at pagrespeto sa ating mga solo-parent? | Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:<br><br>1. Ano ang pagkakatulad ng mga larawang ipinakita?<br>2. Ano naman ang kanilang mga pagkakaiba?<br>2. Maihahalintulad mo ba ang mga larawan sa iyong sariling pamilya? Bakit oo? Bakit hindi? |
| | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-bahagi kung paano nila ipinagdiriwang ang kaarawan ng sinuman sa kanilang pamilya. | Palawigin ang talakayan tungkol sa kahulugan at bumubuo sa *two-parent families* sa pamamagitan ng pagbasa ng tula.<br><br>"**Pamilya ay Pamilya**" | Palawigin ang talakayan tungkol sa kahulugan at bumubuo sa *solo parent families.* Bigyang diin na ang *solo parent families* ay kapantay lamang din ng *two-parent families.* | Palawigin ang talakayan tungkol sa kahulugan at bumubuo ng *extended families* sa pamamagitan ng pagkanta sa tono ng “Nanay, Tatay, Gusto Ko Tinapay”. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Sa tahanang payapa, puno ng saya,<br>May **Nanay at Tatay**, gabay at alaga,<br>Ang pagmamahal nila'y walang kapantay,<br>Bunga'y pagkakaisa, ligaya’t gabay.<br><br>Sa isa pang tahanan, puno ng liwanag,<br>Dalawang **Nanay** ang nagmamahalang wagas,<br>Walang hirap ang di kayang lampasan,<br>Sa kanilang bisig, pag-ibig ay buo't matibay.<br><br>Sa ibang tahanan, masaya't tahimik,<br>**Tatay at Tatay** ang magkasamang matalik,<br>Kanilang pagtutulungan, tiyak at matatag,<br>Ang pamilya'y maligaya, puno ng hinaharap.<br><br>**Iba't ibang anyo, iisang layunin,** | Sa gabay ng guro, ipabasa ang tula sa mga bata:<br><br>"**Pusong Magulang**"<br><br>Si **Nanay** mag-isa, ngunit matapang,<br>Sa hirap at saya, laging umaasang,<br>Pagmamahal sa anak, walang kapantay,<br>Sa kanyang mga bisig, mundo'y payapa't alalay.<br><br>Si **Tatay** nag-iisa, ngunit matatag,<br>Kahit mag-isa, lagi pa ring malakas,<br>Sa bawat hakbang, laging may gabay,<br>Sa anak ay bayani, sa puso'y tagumpay.<br><br>Mag-isa mang gumabay, buong puso’t dangal,<br>Si Nanay o si Tatay, laging may pagmamahal,<br>Solo mang magulang, kayang punuin, | **"Extended Family Chant"**<br><br>**Nanay** at **Tatay**, magkasama,<br>**Lolo** at **Lola**, laging kilala.<br>**Tiyo** at **Tiya**, kasama sa saya,<br>**Pinsan** din, pamilya’y buo’t ligaya!<br><br>Sa bahay o malapit, laging magka-kasama,<br>Ang bawat isa ay may mahalagang gampanin,<br>Tulong at pagmamahal, lahat tayo’y buong-buo,<br>Ang **pinalawak na pamilya** ay puno ng saya at ginhawa!<br><br>Pagkatapos ng *chant*, ipaguhit sa mga mag-aaral ang halimbawa ng *extended family* sa kanilang kuwaderno. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Pagmamahal, suporta, sa bawat mithiin,<br>Saan man magmula, sino man ang kasama,<br>**Pamilya ay pamilya**, saan ka man luminga. | Ang tahanang puno ng saya't hangarin. | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Tumawag ng mag-aaral sa harapan ng klase upang magbahagi ng kanilang saloobin sa paghahanda at pagdiriwang ng kanilang kaarawan na maihahalintulad sa kuwentong binasa. Maaring palawigin ito sa pagbabahagi ng saloobin sa iba pang okasyon. | Gamit ang kuwaderno, guguhit ang mga mag-aaral ng halimbawa ng *two-parent family*.<br><br>Ipasulat kung ang anong *two parent family* ang naiguhit at bakit? | Gamit ang kuwaderno, ipaguhit sa mga mag-aaral ang halimbawa ng *solo parent family*. | Sabihin:<br>Sagutan ang Gawaing Pampagkatuto 1.<br>Tukuyin ang uri ng pamilya batay sa bumubuo nito na sinasalamin ng mga larawan. Isulat ang A kung ito ay *Two-Parent Family*, B kung ito ay *Solo-Parent Family*, at C kung ito ay *Extended Family*.<br><br>Isulat sa patlang ang iyong sagot.<br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | *Maaaring gumamit ang guro ng iba pang maikling kuwento.* | *Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral.* | *Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral.* | *Pinapayuhan ang guro na maging sensitibo sa iba't ibang uri ng konteksto ng kanilang mga mag-aaral.* |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

________________________

Guro

Nirebyu ni:

________________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

________________________

School Head